

PATAKARANG NANGANGASIWA SA PAGPUTOL NG SERBISYO SA TUBIG SA TAHANAN DAHIL SA HINDI PAGBAYAD

Mahahanap ang patakarang ito online sa:
https://www.vcpublicworks.org/wsd/conservation_legislation/
at bibigyan ang mga customer ng kopya ng patakarang ito kung hihilingin.

Kung hihilingin, makukuha rin ang patakarang ito sa mga sumusunod na wika:
Wikang Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese at Koreano.

Para sa impormasyon hinggil sa iyong account sa utilidad o mga opsiyon sa pagbabayad para sa Mga Distrito ng Patubig ng Ventura County Blg. 1 (Moorpark), 17 (Bell Canyon), 19 (Somis) at 38 (Lake Sherwood), o para sa mga tanong hinggil sa patakarang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Ahensiya ng Pagawaing Bayan, Departamento ng Patubig at Sanitasyon ng Ventura County
(805) 378-3000
6767 Spring Road, Moorpark CA 93021

Maliban sa mga pista-opisyal, maaaring makipag-ugnayan sa mga kawani:
Lunes hanggang Biyernes mula 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. PST

-
- Paglalatap ng Patakarang.** Mailalapat ang Patakarang Nangangasiwa sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan dahil sa Hindi Pagbayad ("Patakarang") na ito sa Mga Distrito ng Patubig ng Ventura County Blg. 1 (Moorpark), 17 (Bell Canyon), 19 (Somis) at 38 (Lake Sherwood) (kung sama-sama ay "Mga Distrito"; kung indibidwal ay "Distrito") at pangangasiwaan nito ang mga account para sa serbisyo sa tubig sa tahanan. Hindi ito mailalapat sa mga account para sa hindi pantahanang serbisyo sa tubig. Para sa mga layunin ng Patakarang ito, ang "serbisyo sa tubig sa tahanan," "serbisyo sa tahanan" at "serbisyo sa tubig" ay pare-parehong tumutukoy sa serbisyo sa tubig na nakakabit sa tahanan tulad ng mga tirahang pang-isahang pamilya, tirahang pangmaramihang pamilya, mga mobilehome (naililipat na tirahan), kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga mobilehome sa mga parke ng mobilehome, o pabahay para sa nagtatrabaho sa bukid.
 - Mga Pamamaraan sa Pagsingil at Mga Katanungan.** Naniningil ang Mga Distrito para sa serbisyo sa tubig sa tahanan nang humigit-kumulang isang beses kada buwan. Ang lahat ng mga bill para sa serbisyo sa tubig ay dapat bayaran at mababayaran sa sandaling matanggap at maituturing na atrasado kung hindi mabayaran sa loob ng 22 araw mula sa naka-print na petsa sa harap ng bill (ang "petsa ng bill"). Para sa mga tanong tungkol sa bill, o upang pag-usapan ang mga opsiyon para maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbayad sa ilalim ng mga tuntunin ng Patakarang ito, mangyaring tumawag sa numero ng Serbisyo sa Customer ng Ahensiya ng Pagawaing Bayan, Departamento ng Patubig at Sanitasyon ng Ventura County sa (805) 378-3000 Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m.

- 3. Mga Atrasadong Account; Multa para sa Pagkahuli ng Bayad.** Ang lahat ng mga bill para sa serbisyo sa tubig ay dapat bayaran at mababayaran sa sandaling matanggap at maituturing na atrasado kung hindi mabayaran nang buo sa loob ng 22 araw mula sa petsa ng bill. Ang anumang kulang na bayad sa bill sa tubig ay ituturing bilang atrasado. Kung mananatiling hindi nababayaran ang bill nang higit sa 27 araw mula sa petsa ng bill (5 araw pagkatapos ng takdang petsa), maaaring magpataw ang Distrito ng multa para sa pagkahuli ng bayad, o singil para sa pagkahuli ng bayad, sa halagang nakatakda sa Miscellaneous Fee Schedule (Iskedyul ng Iba't Ibang Bayarin). Sa sandaling makatanggap ng ibinalik na tseke, samakatuwid ay isang "tumalbog" na tseke, o ibang ibinalik o hindi gumanang pagbayad, ituturing ng Distrito na atrasado ang account at may mailalapat na multa para sa hindi sapat na pondo/tumalbog na tseke, pati na rin ang anumang mailalapat na multa para sa pagkahuli ng bayad. Magsisikap ang Distrito nang makatwiran at may mabuting layunin na abisuhan ang customer sa pamamagitan ng telepono o pagpapadala sa sulat ng ibinalik na bayad.
- 4. Pagpapahaba ng Palugit ng Pagbayad.** Ang sinumang customer na hindi makapagbabayad para sa serbisyo sa tubig sa loob ng karaniwang siklo ng pagsingil ng Distrito ay maaaring humiling ng pagpapahaba ng palugit ng pagbayad bago ang takdang petsa ng bill. Kung hihilingin, magbibigay ng pagpapahaba sa palugit na hanggang sa 14 araw *isang beses bawat taon sa kalendaryo*. Kung hindi makapagbabayad nang buo sa o bago ang petsa ng pagpapahaba ng palugit, maniningil sa account ng multa sa pagkahuli ng bayad, at ilalapat ang lahat ng iba pang probisyon ng Patakarang ito patungkol sa atrasadong account.
- 5. Karapatan na Tumutol o Humiling ng Pagsusuri ng Bill sa Tubig; Mga Apela.** Ang customer ng Distrito ay may karapatan na tumutol o humiling ng pagsusuri ng bill na pinaniniwalaan ng customer na hindi wasto o hindi niya responsibilidad. Kung gusto ng customer na pormal na tutulan ang bill, at/o humiling ng pagsusuri ng bill, dapat magpadala ang customer ng nakasulat na abiso sa pagtutol o kahilingan para sa pagsusuri sa Ahensiya ng Pagawaing Bayan, Departamento ng Patubig at Sanitasyon ng Ventura County, sa pamamagitan ng email sa wscs@ventura.org o ng U.S. mail sa Customer Service, Ventura County Public Works Agency, Water and Sanitation Department, 6767 Spring Road, Moorpark, CA 93021, nang hindi lalampas sa takdang petsa ng bill (22 araw pagkatapos ng petsa ng bill). (Pagkatapos ng takdang petsa ng bill, maaaring magpetisyon ang customer ng Distrito na suriin ng Distrito ang bill na pinaniniwalaan ng customer na hindi wasto o hindi niya responsibilidad, nang may paliwang kung bakit hindi humiling ang customer ng pagsusuri bago ang takdang petsa ng bill. Ang petisyon ay maaaring ipatupad o tanggihan alinsunod sa desisyon lamang ng Distrito.) Tutugon ang kawani ng Distrito sa sulat sa loob ng makatwirang panahon (karaniwan ay tatlong linggo) sa nakasulat na kahilingan para sa pagsusuri ng bill at/o abiso sa pagtutol.

Kung hindi masisiyahan ang customer sa tugon ng Distrito sa kaniyang kahilingan para sa pagsusuri ng bill o abiso sa pagtutol, magkakaroon ang customer ng 10 araw pagkatapos ng petsa ng pagtugon ng Distrito kung saan maiaapela ang pagtugon ng Distrito sa Direktor ng Distrito. Ang lahat ng mga nasabing apela ay dapat gawin sa

pamamagitan ng pagpapadala ng sulat na naka-address sa Director sa Ventura County Public Works Agency, Water and Sanitation Department, 6767 Spring Road, Moorpark, CA 93021. Tutugon ang Direktor o ang kaniyang itinalaga sa pamamagitan ng pagsulat sa loob ng makatwirang panahon (karaniwan ay tatlong linggo) para sa lahat ng mga nasabing apela.

Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbayad habang nakabinbin ang isang pagsusuri ng bill, abiso sa pagtutol o apela.

- 6. Pagputol ng Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbayad.** Kapag naging atrasado ang isang account nang 60 araw o higit pa, maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig sa tahanan, samakatuwid, pag-shut off ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbayad, alinsunod sa Patakarang ito at ibang nalalapat na batas.

Nakasulat na Abiso sa Customer. Hindi bababa sa 10 araw bago ang pagputol ng Distrito ng serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbayad, magpapadala ang Distrito ng nakasulat na abiso sa customer na nakapangalan sa account ng pinaplanong pagputol ng serbisyo sa tubig, samakatuwid, pag-shutoff ng tubig. Kung ang address ng customer ay hindi ang address ng ari-arian kung saan ibinibigay ang serbisyo sa tahanan, ipapadala rin ang abiso sa address ng ari-arian kung saan ibinibigay ang serbisyo sa tahanan, na naka-address sa "Occupant (Naninirahan)." Nakalagay sa abiso ang mga sumusunod na impormasyon:

- (a) ang pangalan at address ng customer;
- (b) ang halaga ng kakulangan sa bayad;
- (c) ang petsa kung kailan dapat gawin ang pagbabayad o kasunduan sa pagbayad upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo sa tubig;
- (d) isang paglalarawan ng pamamaraan ng pagtutol sa, o paghiling ng pagsusuri ng, isang bill, kabilang ang mga pag-apela; at
- (e) isang paglalarawan ng pamamaraan kung saan maaaring humiling ang customer ng alternatibong iskedyul ng pagbayad (kasama, bilang halimbawa, ang pagpapahaba ng panahon ng pagbayad ng bill o isang ipinagpalibang iskedyul ng pagbabayad na mag-aamortisa sa halaga ng dapat bayaran sa mas mahabang panahon).

Alternatibong Abiso sa Telepono para sa Customer. Dagdag sa, o bilang kapalit ng, pagbigay ng nakasulat na abiso na inilalarawan sa itaas, nang hindi bababa sa 10 araw bago putulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbayad, maaaring makipag-ugnayan ang Distrito sa customer na nakapangalan sa account sa pamamagitan ng telepono. Kung makipag-ugnayan ang Distrito sa customer gamit ang telepono, mag-aalok ito na magbigay sa customer ng kopya ng Patakarang ito sa pamamagitan ng sulat. Iaalok din nito na talakayin ang mga opsiyon upang maiwasan

ang pagputol ng serbisyo sa tahanan dahil sa hindi pagbayad, kabilang ang mga alternatibong iskedyul ng pagbayad (tulad ng pagpapahaba ng panahon ng pagbayad ng mga atrasadong singil o ipinagpaliban o binawasang iskedyul ng pagbayad, kabilang ang amortisasyon ng hindi pa nababayaranang balanse) at ang pamamaraan sa paghiling ng pagsusuri ng o pagtutol sa bill.

Hindi Makapagtatag ng Pakikipag-ugnayan. Kung hindi magawang makipag-ugnayan ng Distrito sa customer o sa indibidwal na nasa hustong gulang na naninirahan sa tirahan sa pamamagitan ng telepono, at ibinalik ang nakasulat na abiso sa pamamagitan ng koreo bilang di-maipadala (undeliverable), magsisikap ang Distrito nang may mabuting layunin na bisitahin ang tirahan at mag-iwan, o magtakda ng ibang plano sa paglalagay sa madaling makitang lugar ng, isang abiso ng nalalapit na pagputol ng serbisyo sa tahanan dahil sa hindi pagbayad at isang kopya ng Patakarang ito.

Kung ang naninirahang indibidwal na nasa hustong gulang ay tututol sa Distrito hinggil sa bill sa tubig alinsunod sa Patakarang ito o sa anumang iba pang administratibo o legal na lupon na maaaring legal na tumanggap ng pagtutol, hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tahanan dahil sa hindi pagbayad habang nakabinbin ang nasabing pagtutol.

- 7. Pagputol ng Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbayad – Landlord-Nangungupahan o Katulad na Sitwasyon.** Kung nagkabit ang Distrito ng indibidwal na naka-metrong serbisyo sa tahanan para sa mga naninirahan sa isang nakahiwalay na tirahang pang-isahang pamilya, estrukturang residensiyal na may maramihang yunit, parke ng mobilehome, o permanenteng estrukturang residensiyal sa loob ng isang kampo sa paggawa o labor camp (gaya ng ipinaliwanag sa seksiyon 17008 ng Health and Safety Code (Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan)), at ang may-ari, namamahala o nagpapatakbo ng tirahan, estruktura, o parke ay ang nakatalang customer sa Distrito, gagawin ng Distrito ang lahat ng mga pagsusumikap nang may mabuting layunin na ipaalam sa mga naninirahan sa tirahan, sa pamamagitan ng nakasulat na abiso nang hindi bababa sa 10 araw bago ang pagputol ng serbisyo sa tubig, na ang account na nauugnay sa serbisyo sa tubig ay atrasado at na puputulin o ititigil ang serbisyo sa tubig. Ipapaalam din ng nakasulat na abiso sa mga okupante ng tirahan na mayroon silang karapatang maging customer ng Distrito, na makakatanggap ng bill sa serbisyo sa tubig, nang hindi nangangailangang bayaran ang anumang halagang dapat bayaran sa atrasadong account.

Hindi obligadong magbigay ng serbisyo sa tubig ang Distrito sa mga okupante ng tirahan maliban kung sasang-ayon ang bawat okupante ng tirahan sa mga tuntunin at kondisyon ng Distrito sa serbisyo sa tubig at tutugon sa mga kahingian ng Mga Panuntunan at Regulasyon ng Distrito at mga taripa. Gayunpaman, kung isa o higit pa sa mga okupante ng tirahan ay kusa at kayang akuin ang responsibilidad para sa mga susunod na singil sa account sa pag-apruba ng Distrito, o kung may pisikal na paraan na legal na maaring gamitin ng Distrito na piliin ang puputulan o ititigilang ng serbisyo sa tubig sa mga okupante ng tirahan na hindi makatugon sa mga kahingian ng Mga Panuntunan at Regulasyon ng Distrito at mga taripa, gagawing available ng Distrito ang serbisyo sa tubig para sa mga okupante ng tirahan na makakatugon sa mga kahingian nito.

Nakahiwalay na Tirahang Pang-isahang Pamilya. Sa kaso ng nakahiwalay na tirahang pang-isahang pamilya, maaaring gawin ng Distrito ang alinman sa mga sumusunod: (a) magbigay ng abiso sa pagputol o pagtigil ng serbisyo sa tubig nang hindi bababa sa pitong araw bago ang panukalang pagputol o pagtigil; o (b) upang hindi kailangang bayaran ang halaga ng kakulangan sa bayad, iatas sa naninirahan na magiging customer na beripikahin na ang nakatalang customer sa atrasadong account ay ang landlord, namamahala o ahente ng tirahan. Maaaring kabilang sa pagbeberipika ang isang kasunduan sa lease o pag-upa, mga resibo ng pagbayad ng upa, dokumento ng pamahalaan na nagsasaad na ang ari-arian ay inuupahan ng naninirahan, o impormasyong inihayag alinsunod sa seksiyon 1962 ng Civil Code (Kodigo Sibil).

8. Pagbubukod sa Pagputol ng Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbayad. Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbayad kung ang lahat ng mga sumusunod na kondisyon ay matutugunan:

- (a) Ang customer, o nangungupahan ng customer, ay magsusumite sa Distrito ng sertipikasyon ng isang provider ng pangunahing pangangalaga (ayon sa pagpapaliwanag ng terminong ito sa seksiyon 14088 ng Welfare and Institutions Code (Kodigo sa Kawanggawa at Mga Institusyon), subdibisyon (b)(1)(A)) na ang pagputol ng serbisyo sa tubig sa tahanan ay magbabanta sa buhay ng, o magsisilbing malubhang panganib sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente sa lugar kung saan ibinibigay ang serbisyo sa tahanan;
- (b) Mapapatunayan ng customer na wala siyang pinansiyal na kakayahan na bayaran ang serbisyo sa tubig sa tahanan sa loob ng karaniwang siklo ng pagsingil ng Distrito. Maituturing na walang pinansiyal na kakayahan ang customer na bayaran ang serbisyo sa tubig sa tahanan sa loob ng karaniwang siklo ng pagsingil ng Distrito kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program (Programa sa Karagdagang Kitang Panseguridad/Karagdagang Kabayaran ng Estado), o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children (Espesyal na Programa sa Karagdagang Nutrisyon para sa Kababaihan, Mga Sanggol at Mga Bata sa California), o idineklara ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan; at
- (c) Papayag ang customer na pumasok sa isang alternatibong iskedyul ng pagbayad ng lahat ng mga atrasadong singilin. Pipiliin ng Direktor ng Distrito o ng kaniyang itinalaga ang pinakaangkop na alternatibong iskedyul ng pagbayad, nang may pagsasaalang-alang sa impormasyon at dokumentasyon na ibinigay ng customer.

Responsibilidad ng customer na patunayan na ang lahat ng mga nakalistang kondisyon sa itaas ay natutugunan. Matapos matanggap ang dokumentasyon mula sa customer, na dapat ibigay sa Distrito bago ang petsa ng pagputol, susuriin ng Distrito ang dokumentasyon sa loob ng 10 araw. Hindi puputulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig sa

loob ng panahong ito ng pagsusuri. Pagkatapos ay ipapaalam ng Distrito sa customer kung nakatutugon ba o hindi ang customer sa mga kondisyon sa mga subseksiyon (a) hanggang (c) sa itaas o maaaring humiling ng karagdagang impormasyon mula sa customer. Kung makatutugon ang customer sa lahat ng mga kondisyon sa itaas, ipapaalam ng Distrito sa customer ang isang panukalang alternatibong iskedyul ng pagbayad na napili ng Distrito at hihilingin na lagdaan ng customer ang isang kasunduan na lumahok sa alternatibong iskedyul ng pagbayad.

Kung matutugunan ang mga kondisyong ito, mag-aalok ang Distrito sa customer ng isang alternatibong iskedyul ng pagbayad alinsunod sa seksiyon 9 ng Patakarang ito.

- 9. Mga Alternatibong Iskedyul ng Pagbayad.** Kung hindi kayang bayaran ng customer ang isang bill, maaari siyang humiling para sa pagpapahaba ng palugit o ibang alternatibong iskedyul ng pagbayad (gaya ng ipinagpaliban o binawasang iskedyul ng pagbayad, kasama ang amortisasyon ng mga atrasadong singil sa serbisyo sa tahanan).

Alternatibong Iskedyul ng Pagbayad. Kung inaprubahan ng Distrito, maaaring bayaran ng customer ang hindi pa nababayaran balanse alinsunod sa isang alternatibong iskedyul ng pagbayad na tutukuyin ng Direktor ng Distrito o ng kaniyang itinalaga, sa kaniyang pagpapasya. Sa karaniwang pangyayari, ang anumang alternatibong iskedyul ng pagbayad, o muling pagbayad, ay dapat magresulta sa muling pagbayad ng anumang hindi pa nababayaran balanse sa loob ng 12 buwan. Sa loob ng panahon ng alternatibong iskedyul ng pagbayad, dapat panatilihin hustong nababayaran ng customer ang lahat ng mga singil sa serbisyo sa tubig na maiipon sa loob ng mga susunod na panahon ng pagsingil. Itatakda sa kasulatan ang alternatibong iskedyul ng pagbayad at dapat bayarang halaga at ibibigay sa customer para mailagay ng customer ang kinakailangang paglagda na nagpapahayag na sumasang-ayon at nangangako ang customer na sumunod sa alternatibong iskedyul ng pagbayad.

Kabiguang Sumunod sa Alternatibong Iskedyul ng Pagbayad o Magbayad ng Mga Kasalukuyang Singil; Pagputol ng Serbisyo sa Tubig. Dapat sumunod ang customer sa pinagsang-ayunang alternatibong iskedyul ng pagbayad at manatiling nababayaran nang husto ang mga singil sa serbisyo sa tubig sa bawat sumusunod na panahon ng pagsingil. Hindi maaaring humiling ang customer ng ibang alternatibong iskedyul ng pagbayad para sa anumang susunod na hindi nababayaran singilin habang nagbabayad ng mga atrasadong singilin alinsunod sa nakaraan nang sinang-ayunang alternatibong iskedyul ng pagbayad.

Kung, sa anumang oras sa loob ng pagkabinbin ng isang alternatibong iskedyul ng pagbayad, ang customer ay (a) nabigong sumunod sa mga tuntunin ng pinagsang-ayunang iskedyul ng pagbayad nang animnapung (60) araw o higit pa o (b) mabigong bayaran ang kaniyang mga singilin sa serbisyo sa tahanan nang 60 araw o higit pa, maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig sa ari-arian ng customer, kung nagpaskil na ang Distrito ng panghuling abiso ng hangaring putulin ang serbisyo sa tubig sa tahanan sa isang prominente at madaling makitang lokasyon sa ari-arian nang hindi bababa sa limang araw ng negosyo bago ang pagputol ng serbisyo sa tubig. Hindi magbibigay ang panghuling abiso sa customer ng karapatan sa anumang karagdagang imbestigasyon o pagsusuri ng Distrito.

- 10. Pagpapanumbalik ng Serbisyo sa Tubig sa Tahanan.** Maaaring makipag-ugnayan sa Distrito ang mga customer na naputulan ng serbisyo sa tubig sa pamamagitan ng telepono sa (805) 378-3000 o nang personal sa 6767 Spring Road, Moorpark, California upang maibalik ang serbisyo sa tubig. Napapailalim ang pagpapanumbalik ng serbisyo sa tubig sa pagbabayad ng: (a) anumang dati pang dapat bayarang halaga, kabilang ang nalalapat na mga multa para sa pagkahuli ng bayad, interes o mga multa (maliban kung itinakda sa ibaba); at (b) ang bayad sa pagpapanumbalik ng Distrito sa koneksiyon, gaya ng itinakda sa Schedule of Miscellaneous Fees (Iskedyul ng Iba't Ibang Bayarin nito o alinsunod sa batas, gaya ng inilalarawan sa ibaba. Maaari ding magpataw ang Distrito ng security deposit (depositong panseguridad). Dapat gawin ang pagbabayad gamit ang cash o salapi, credit card o cashier's check (tseke ng kahera). Hindi maipapanumbalik ang serbisyo sa tubig hanggang sa ang anumang pagbabayad gamit ang tseke o elektronikong paraan ay kompletong maproseso ng lahat ng mga bangko o pinansiyal na institusyon at aktuwal at tiyak na madeposito ito sa Distrito.

Para sa residensiyal na customer na magpapatunay sa Distrito na ang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan, ang bayad sa pagpapanumbalik ng Distrito sa koneksiyon ay sisingilin sa halagang hindi mas mataas sa aktuwal na halaga ng pagpapanumbalik ng koneksiyon o \$50, alinman ang mas mababa, para sa pagpapanumbalik ng koneksiyon sa loob ng normal na oras ng trabaho. Para sa pagpapanumbalik ng koneksiyon na gagawin sa labas ng oras ng trabaho, ang bayad para sa pagpapanumbalik ng koneksiyon ng Distrito ay sisingilin sa halagang hindi magiging mas mataas sa aktuwal na gastos o \$150, alinman ang mas mababa. Napapailalim ang mga halagang ito sa taunang pagsasaayos para sa mga pagbabago sa Consumer Price Index (Index ng Presyo para sa Mamimili) simula Enero 1, 2021.

Dagdag pa rito, para sa residensiyal na customer na magpapatunay sa Distrito na ang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan, hindi na maniningil ang Distrito ng interes sa mga atrasadong bill isang beses kada 12 buwan.

Maituturing na mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan ang sambahayan ng customer kung ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o idineklara ng customer na ang taunang kita ng sambahayan ay mas mababa sa 200 porsiyento ng pederal na antas ng kahirapan.

- 11. Taunang Pag-uulat ng Mga Pagputol ng Serbisyo sa Tubig Dahil sa Kawalan ng Kakayahang Magbayad.** Iuulat ng bawat Distrito ang bilang ng mga taunang pagputol ng serbisyo sa tubig sa tahanan dahil sa kawalan ng kakayahang magbayad sa web site ng Ahensiya ng Pagawaing Bayan, Departamento ng Patubig at Sanitasyon ng Ventura County, at sa State Water Resources Control Board (Lupon ng Namamahala sa Mapagkukunang Tubig ng Estado).